

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 2, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, JIC@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Mga COVID-19 Testing Site na Pinapatakbo ng Lungsod ay Magbabalik ng Operasyon

Nag-annunsiyo din ng mga Bagong Serbisyo sa Mobile Testing

Long Beach, CA - Matapos isara ang mga COVID-19 testing site noong Hunyo 1 at Hunyo 2 upang tiyakin ang kaligtasan ng publiko at mga propesyonal sa medikal, karamihan ng pinapatakpong testing site ay magbubukas muli bukas, Hunyo 3.

Ang Lungsod ng Long Beach ay nagpapalawak ng pag-access ng COVID-19 testing sa pamamagitan ng serbisyong mobile para sa mga residente na hindi makakapaglakbay, kabilang ang mga indibidwal at personal na tirahan at ang mga pasilidad ng skilled nursing, mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, at mga sober living na tirahan.

“Mayroon pa rin tayong krisis sa kalusugan sa Long Beach at kritikal na bumalik tayo sa pagsusuri ng mga residente,” sabi ni Mayor Robert Garcia.

Mga site na magbubukas, ng may binagong oras, sa Hunyo 3 ay kinabibilangan:

- Long Beach City College - Pacific Coast Campus (1305 E. Pacific Coast Hwy.), 10 a.m. hanggang 1 p.m.
- Cabrillo High School (2001 Santa Fe Ave.), 10 a.m. hanggang 1 p.m.
- Jordan High School (6500 Atlantic Ave.), 3p.m. hanggang 5 p.m.

Jordan Plus (171 W. Bort St.) at St. Mary Medical Center (1050 Linden St.) ay hindi sinara at mananatiling bukas. Mga bagong appointment ay kinakailangan para sa lahat ng mga lugar ng pagsusuri at maaaring iskediyul [online](#) o sa pagtawag sa 562.570.INFO (4636).

Ang pagsusuri sa Veterans Memorial Stadium ay mananatiling sarado hanggang sa karagdagang paunawa.

Ang Rapid Assessment Clinic sa LBCC Pacific Coast Campus ay magbubukas din sa Hunyo 3. Ang mga oras ay mula 10 a.m. hanggang 2 p.m.

Ang bago at libreng serbisyo sa mobile na pagsusuri ay inilaan para sa mga residente na hindi makalabas ng bahay dahil sa limitadong pagkilos o mga isyu sa transportasyon. Ang mobile yunit ay mapapakinabangan ng mga nakatira sa mga pasilidad ng congregate living na kulang ng mga kawani on-site na nangangasiwa ng mga pagsusuri o mga pasilidad na hindi maaaring magsuri nang mag-isa. Ang mga pagsusuri, na pinangangasiwaan ng isang swab sa ilong, ay maaari ding ibigay sa mga caregiver ng mga indibidwal na hindi makalabas ng bahay. Ang mga interesado sa paghingi ng mobile na pagsusuri ay maaaring magsumite ng isang [form](#) sa COVID-19 website ng Lungsod, o tumawag sa (562) 570-INFO (4636).

Ang mga serbisyo sa mobile na pagsusuri ay ibinibigay ng Collection Transportation at Analysis Team (CTAT), isang dalubhasang pangkat ng mga propesyonal ng medikal kasama ng National Guard. Ang pag-deploy ng National Guard ay natatanging pagsisikap na makatao at ang layunin nito ay mapahusay ang pampublikong kalusugan at serbisyo sa Lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang suporta sa mga kawani. Ang National Guard ay unang na-deploy sa Long Beach noong Abril upang maisagawa ang mga makataong suporta sa logistik at administratibo. Kasama sa mga dating nilang tungkulin ay ang pagtulong sa mga kawani ng medikal, pamamahala ng mga papasok at papalabas na trapiko sa Rapid Assistance Clinic (RAC) ng Lungsod, at pagtulong sa mga serbisyo sa bahay at pagkain sa mga pansamantalang tirahan.

Sa ngayon, ang Long Beach ay nagsagawa ng higit sa 39,000 mga pagsubok sa COVID-19 sa pamamagitan ng apat na mga site na pinatatakbo ng Lungsod, St. Mary Medical Center, isang site na pinapatakbo ng estado sa Jordan Plus High School, at mga pribadong lab. Bilang karagdagan sa mga opsyon sa pampublikong pagsusuri, ang mga indibidwal ay maaaring makatanggap ng COVID-19 na pagsusuri mula sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga

residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###